【タガログ語】

Sa mga Magulang/ Kustodya

Komite ng Edukasyon ng Lungsod ng Tsu

Impormasyon tungkol sa suportang pinansiyal para sa mga bayarin sa pagpasok sa paaralan ( School Year 2025)

Ang Komite ng Edukasyon ng Lungsod ng Tsu ay nagbibigay ng suportang pinansiyal para sa mga bayarin o gastusin sa pag-aaral. Ito ay para sa mga bata at magulang na may suliranin sa mga nasabing bayarin sa paaralan.

Hinihiling na i-submit sa paaralan (Elementary at High School ) ang application form para sa pagtanggap ng suportang pinansiyal.Ito ay ipagkakaloob para sa pamilya na nagpasa ng application form at napatunayang kailangang pagkalooban ng tulong. Ang Komite ng Edukasyon ay magkakaloob ng kabayaran sa ibang bahagi sa mga kagamitan sa pag-aaral at tanghalian ng bata.

○ Mga taong tinutukoy sa sistema.

Mga taong naninirahan sa Tsu.

(1) Mga taong tinutukoy sa ibaba para sa School Year 2024～2025.

① Ang taong hindi tumatanggap ng suportang pangkabuhayan sa gobyerno o kanselado na ang pagtanggap ng suporta.

② Mga taong excempted sa pagbabayad ng Residential Tax (Shimin Zei)

③ Mga tumatanggap ng Children's Support Allowance ( Hindi kasali ang Children's Allowance o Jidou Teate)

(2) ATBP, Para sa mga nahihirapang magpa-aral ng anak.

○Tungkol sa masusing pagtingin sa kinikita sa loob ng buong taon.

Ang target sa suporta na bibigyan ay (1) katumbas sa inilathala sa panahon ng taong Reiwa 6(2024) at taong Reiwa 7(2025) sa kinita ng buong taon, na itinakda lahad sa reperensya ng kita ng pangunahing halaga.

Batay sa pamumuhay na pangkaraniwan, Sa parehong pamumuhay ng isang pamilya, kukwentahin ang bilang at edad na kasapi. Tignan ang linya ng mga nakasulat upang maintindihan.

| Pangkaraniwang kita sa taon | 2 pamilya | 3 pamilya | 4 na pamilya | 5 pamilya |
|---|---|---|---|---|
| Total na kinita Ng buong pamilya | Mga 200 million | Mga 260 million | Mga 310 million | 330 million |

※Dahil mayroong pamantayan sa taong Reiwa 6(2024) ito po ay may pagkakataong magbago.

※Sa mga nakatira sa upahang bahay, Eto ay isasama din sa pag kwenta ng pangkaraniwang sinisweldo sa taon.

**※Sa mga gustong mag-tanong tungkol sa sertipikasyon na nabanggit, tumawag lamang sa Departamento ng edukasyong pampaaralan.**

○ Paraan ng aplikasyon.

(1) Application form para sa pagtanggap ng suporta para sa pagbabayad sa mga gastusin sa paaralan. Maghingi ng form sa paaralan o sa Komite ng Edukasyon. Pil-apan ang kinakailangang impormasyon.

※ Kinakailangan ang aplikasyon sa sistemang ito taun taon. Para sa mga taong nakakatanggap na ng suporta ay hinihiling na mag submit ng panibagong application form para sa School Year 2024.

(2) Lugar ng submission ng form

Dalahin ang form sa paaralan na pinapasukan o papasukan ng bata sa taong 2025.

Para sa mga magulang na may mga anak sa Elementarya at Junior High School ay dalhin ang form sa Elementary School.

(3) Panahon ng submission ng form

2025.2.3~2025.2.20

※Halimbawa at hindi nadala sa panahong nabanggit ang form, ay maaaring dalhin ito hanggang Abril 10, 2025. Matatanggap parin ang kabayaran para sa buwan ng Abril.

Para sa mga hindi nakapagpasa ng form hanggang Abril 10, at nagbago ang kundisyong pangpinansiyal ng pamilya ay maaaring mag-apply sa sistema kahit kailan, kaya huwag mag-atubiling magtanong sa paaralan.

○ Mga gastusin sa paaralan na sasagutin ng sistema.

(1) Mga gamit sa paaralan at sa pag-aaral (Halaga na itinalaga ng Tsu City)

(2) School Lunch o Kyuushoku ( Ito ay ayon sa halaga ng School lunch sa bawat paaralan)

(3) Mga aktibidades sa labas ng paaralan (Mga aktibidades na itinalaga ng paaralan na kinakailangang bayaran) ( Ang halaga ay ayon sa ipinapatupad ng Komite ng Edukasyon ng Tsu ).

(4) Mga gastusing Medikal ( Mga sakit na ipinapayo ng paaralan na kailangang malunasan) ( Ayon sa batas na nagpapatupad sa pananatili ng Kalusugan ng Paaralan)(Law Order Article 8 in Securing the Health of the School)

Karamdaman : Tooth Decay ( Sirang Ngipin ) Tympanitis ( Pamamaga ng tainga sanhi ng matinding sipon) Conjunctivitis (Sakit sa mata)

⑸ **Halagang ihahanda para sa gamit eskwela**(Ipinagkakaloob ang halagang eto para sa bagong grade 1 at bagong junior high school, para sa paghahanda sa mga kagamitang bibilhin bago magsimula ang eskwelahan.)

⑹ Ang amount para sa pambili ng bagong kagamitan para sa mga bagong estudyante ay (pinagdisisyunan ng departamento ng edukasyon sa lunsod ng Tsu para lamang sa mga bagong estudyante ng elementarya at Junior high school.)

※ Eto ay ibibigay lamang sa mga nag-aplay ng**Taong 2025, April, 10 due date**.(matatanggap ng kalagitnaan ng buwan ng Mayo)

※ Sa panahon ng pag-papaenrol, alin man sa「pinagkakaloob na halaga para sa paghahanda ng bagong mag-aaral」o pagkatapos makapag enroll na「halagang gastos para sa kagamitan eskwela ng bagong mag-aaral」, **alin man sa dalawa ay isang beses lamang makakatanggap.**

⑺ Ang amount sa excursion(Ang aktuwal na gastos sa excursion ay aktibidad na ginagawa ng eskwelahan.)

(8) Kabayaran sa paggamit ng komunikasyon sa Online class（Halagang itinakda ng departamento ng edukasyon lunsod ng Tsu para sa konsumo sa komunikasyon ng aral sa online sa loob ng tahanan.)

※ Tungkol sa mga sambahayan na tumatanggap ng proteksyon sa welfare, sa mga sumusunod lamang pwedeng maibalik ang halaga.

※ Ang amount sa pagpapagamot(No.4) at pagbabayad ng halaga para sa excursion sa eskwela lamang na (No,7).

○ Paraan ng pagtanggap sa kabayaran

Ang kabayaran sa suportang pinansiyal ay sa sumusunod na buwan ng huling semestre. Para sa Ika-3 semestre ang kabayaran ay sa kalagitnaan ng buwan ng Marso.Ito ay ipapasok sa bank account ng magulang. (Hindi kasama dito ang kabayaran para sa School lunch fee,Medikal at kagamitan sa pag-aaral ng mga bagong pasok na bata.

Para sa unang semestro, kalagitnaan ng Agosto, para sa pangalawang semestro, kalagitnaan ng Enero, para sa pangatlong semestro, katapusan ng Marso.

※ Ang kabayaran para sa School Trip o Shuugaku Ryokou ay mas maaga kaysa sa araw ng trip.

＊ Kinakailangang bayaran ang ibang gastusin sa paaralan. Hindi na kailangang bayaran ang school lunch fee dahil direktang ipapadala ng board of education sa paaralan ang bayarin para dito.

Ikonsulta sa paaralan kung mahihirapang bayaran ang mga bayarin.

○ Para sa mga iba pang impormasyon at katanungan.

Para sa mga detalye ay magtanong sa pinakamalapit na opisina ng Komite ng Edukasyon o sa paaralan at sa Komite ng Edukasyon ng Tsu City sa Education Section.

Komite ng Edukasyon ng Tsu City Education Section InCharge
TEL 059-229-3245

＜Mga opisina ng Komite ng Edukasyon ＞

| | | | |
|---|---|---|---|
| Hisai | 255-8859 | Kawage | 244-1712 |
| Geinou | 266-2519 | Misato | 279-8121 |
| Annou | 268-5519 | Karasu | 292-4309 |
| Ichishi | 293-3012 | Hakusan | 262-7021 |
| Misugi | 272-8091 | | |